# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 18, 2024, LUNES, IKA-09:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President sick leave |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 12/2/24 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 11 DEC 2024 Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 382-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 181-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 05-T2024 NG BARANGAY PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAGKAROON NG DAGDAG NA ALLOWANCE ANG MGA CLERK, BARANGAY RECORD KEEPER, ADMINISTRADOR, VAWC OFFICER, IMBESTIGADOR, MESSENGER, DRIVER CARE TAKER, BARANGAY POLICE, BARANGAY HEALTH WORKER, BARANGAY NUTRITION SCHOLAR, STREET SWEEPER, DAY CARE WORKER AT LUPON TAGAPAMAYAPA PARA SA SUSUNOD NA TAON 2025 NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 181-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05-T2024 na nagdaragdag ng allowance ng mga katulungin ng Barangay para sa taong 2025 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 181-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 05 -T2024 ng Barangay Patimbao, Santa Cruz, Laguna na magkaroon ng dagdag na allowance ang mga Clerk, Barangay Record Keeper, Administrador, VAWC Officer, Imbestigador, Messenger, Driver Care Taker, Barangay Police, Barangay Health Worker, Barangay Nutrition Scholar, Street Sweeper, Day Care Worker at Lupon Tagapamayapa para sa susunod na taon 2025 na naaayon sa Salary Standardization Law

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 18, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

12-09-24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

120624 465